| ASIGNATURA: | Edukasyon sa Pagpapakatao | BAITANG: | 6 |
|---|---|---|---|
| **MARKAHAN:** | Una | **PANGKAT:** | |
| **PAMANTAYAN SA PAGKATUTO:** | Naisasagawa ang mga tamang hakbang na makatutulong sa pagbuo ng isang desisyon na makabubuti sa pamilya<br>1.1. pagsusuri nang mabuti sa mga bagay na may kinalaman sa sarili at pangyayari | **CODE:** | EsP6PKP-Ia-i– 37 |

**Pangalan:** ______________________________ **Petsa:** ____________________

## GAWAIN 1

A. **PANUTO: Basahin at unawain ang tula. Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Piliin ang titik ng pinakatamang sagot.**

### Ang Munting Gamu-gamo

May lilipad-lipad na isang gamu-gamo
Sa tapat ng ilaw ng lamparang ito.
Tuwang-tuwa siya sa liwanag nito.
Paikut-ikot pa ang munting gamu-gamo.

Sabi ng nanay niya, "O anak, halika.
Ikaw ay lumayo sa malaking lampara.
Baka mamaya lang ika'y mahagip pa
Ng silab ng apoy na maganda sa mata.

"Ay hindi po Inay, ako'y mag-iingat.
Titingin-tingin lang at lilipad-lipad.
Hindi po lalapit, di po isasayad,
Ang maliliit ko't  magagandang pakpak.

Walang anu-ano'y narinig ang sigaw,
Nitong gamu-gamong dating sumasayaw.
Lugmok ang katawan, pakpak ay natunaw,
Nasunog na pala sa lamparang tanglaw.

Umiyak si Ina at naghihinagpis
"O anak, bakit nga ba ikaw ay makulit?
Matigas ang ulo't di mapilit-pilit,
Sa gawang di-dapat siya mo namang nais.

Maging aral nawa't maging halimbawa,
Ang nangyayaring itong matinding sakuna.
Mabait, sumunod sa mga babala
Ng inyong magulang na nag-aaruga

1. Ano ang mahigpit na bilin ng nanay ni munting gamu-gamo sa kaniya?
   A. Huwag makipaglaro sa mga kaibigan.
   B. Wag maglaro malapit sa apoy.
   C. Makinig lagi sa payo ng guro.
   D. Mag-aral nang mabuti.

2. Bakit hindi sumunod sa bilin ng ina si munting gamu-gamo?
   A. Gusto niyang patunayan sa ina na kaya na niyang mag-isa.
   B. Hindi naman sinasadya ni munting gamu-gamo na mapalapit sa apoy.
   C. Naengganyo siya ng kanyang mga kapwa gamu-gamo na maglaro malapit sa lampara.
   D. Natutuwa si munting gamu-gamo na lumipad sa magandang liwanag na nagmumula sa lampara.

3. Anong damdamin ang isinasaad ng mga linyang ito:

   *Walang anu-ano'y narinig ang sigaw,*
   *Nitong gamu-gamong dating sumasayaw.*

   A. Natutuwa sa ganda ng liwanag
   B. Sobrang saya kaya napasigaw
   C. Nakaramdam ng sobrang sakit
   D. Nagulat ang munting gamu-gamo

4. Anong magandang aral ang matututunan sa kuwento ng munting gamu-gamo?
   A. Iwasan ang delikadong lugar upang hindi mapahamak.
   B. Ang pagiging masaya ay inilalagay sa tamang lugar.
   C. Maging mapagmatyag sa paligid.
   D. Makinig sa utos ng magulang.

5. Hindi nagkaroon ng matalinong pagpapasya si munting gamu-gamo. Ang mga sumusunod ay mga salik na nakatutulong sa paggawa ng matalinong pagpapasya MALIBAN sa _________.
   A. pagsuri sa sitwasyon
   B. pagkuha ng ilang impormasyon
   C. paghingi ng payo sa may higit na kaalaman
   D. pagbibigay pansin sa gusto ng nakararami

**B. PANUTO: Basahin at suriin ang mga sumusunod na sitwasyon at tukuyin kung ano sa mga nabanggit na salik ang tinutukoy upang makagawa ng isang matalinong pagpapasya. Piliin ang:**

**A** kung **<u>pagsuri sa sitwasyon</u>**
**B** kung **<u>pagkuha ng sapat na impormasyon</u>**
**C** kung **<u>paghingi ng payo sa may higit na kaalaman</u>**
**D** wala sa nabanggit na salik

6. Nabasa ni Jose sa magasin at aklat ang masamang naidudulot ng sigarilyo at ipinagbabawal na gamot kaya hindi siya napilit ng kanyang kabarkadang sumubok nito.

7. Aksidenteng nadulas ka sa koridor. Nakita ka ng iyong mga kaklase at hindi nila napigilang matawa. Hindi ka nagalit at bagkus, napatawa ka pa. Sinunod mo ang bilin ng iyong doktor na hindi makatutulong ang pagkagalit sa iyong karamdaman sa puso.

8. Pinapili ka ng magulang mo kung ano ang mas gusto mo – magbakasyon sa Boracay o ibili ka ng *netbook* na matagal mo nang gusto. Pinili mo ang *netbook* dahil mas makatutulong ito sa iyong pag-aaral.

9. Nagkasabay ang pagpupulong ng sinalihan mong organisasyon. Pangalawang pangulo ka sa isa at kalihim ka naman sa ikalawa. Plano mong pumunta muna dun sa ikaw ang kalihim dahil mas kailangan ka doon ayon sa iyong gurong tagapayo.

10. May humihikayat sa iyong sumali sa kanilang grupo. Maayos naman ang layunin, subalit tuwing gabi ang pagpupulong at mayroon pang regular na halagang pinagtutulungan. Naiisip mong hindi pa dapat sumali sa grupong katulad nito dahil maaapektuhan ang iyong pag-aaral.

11. May napulot kang isang bag na may lamang mga aklat. Isinauli mo ito sa may-ari dahil nakasulat naman ang pangalan niya sa isa sa mga gamit na nasa loob ng bag.

12. Nakapasa ka sa Philippine Science High School at sa Marikina Science High School. Mas pipiliin mo na mag-aral sa Marikina Science High School dahil mas malapit ito sa inyong bahay.

13. May nakita kang upos ng sigarilyo sa ilalim ng upuan ng iyong kaklase. Sinabi mo ang iyong nakita sa iyong guro upang magawan ng nararapat na hakbang.

14. Nakita mong may kodigo ang iyong katabi habang kumukuha kayo ng Unang Markahang pagsusulit. Isinumbong mo siya sa inyong guro.

15. Kaarawan mo na sa susunod na buwan subalit nagkasakit ang iyong ate. Dahil nakita mong nahihirapan ang iyong magulang sa aspetong pinansiyal kaya minabuti mong simpleng handaan na lamang ang idaraos para sa iyong kaarawan.

**C. PANUTO: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot.**

16. Nabalitaan mo ang pagkakaroon ng *budol-budol gang* sa inyong lugar na nakabiktima na ng maraming tao. Ano ang dapat mong gawin?
    A. Hindi ako maglalakad sa madidilim na lugar.
    B. Hindi ako magdadala ng *gadgets* kahit kailan.
    C. Magiging alerto at handa sa lahat ng pagkakataon.
    D. Magpapasama ako sa magulang ko kapag lalabas ako ng bahay.

17. Namasyal kayo sa isang lugar na napuntahan mo sa unang pagkakataon. Napakaganda ng lugar at may mga maliliit na kagamitan na napakagandang maging *souvenir*, tulad ng lagayan ng bulaklak, kutsara at tinidor, ballpen, table napkin, at iba pa. Gustung-gusto mo na magkaroon ng bagay na makapagpapaalaala sa iyo ng lugar na ito. Ano ang dapat mong gawin?
    A. Itatanong ko sa katiwala kung ano ang puwedeng maging *souvenir* at maiuwi ng walang bayad.
    B. Pipigilan ko ang aking sarili dahil may nagsabi sa akin na hindi nagbibigay ng mga *souvenir* sa ganitong mga lugar.
    C. Wala akong gagawin, sapat na ang nakapunta ako sa ganitong lugar. Kukunan ko ng larawan ang mga bagay na gusto ko para may *souvenir* ako.
    D. Kukuha ako ng kahit isang souvenir tutal hindi naman ito mapapansin.

18. Marami kang nakitang sasakyan na may nakakabit na itim na tela, may tumutugtog na malulungkot na awitin at mabagal ang takbo ng mga sasakyan. Ano ang maaaring sitwasyon sa lugar na nagdudulot nang mabagal na takbo ng mga sasakyan?

A. May piyesta sa lugar.
B. May naaksidente o nasagasaan.
C. May banggaan ng sasakyan.
D. May ililibing sa malapit na libingang-bayan.

19. Tinanong kayo ng inyong gurong tagapayo kung sino sa inyo ang pwedeng maging kinatawan ng inyong klase sa susunod na eleksiyon ng Supreme Pupil Government. Matagal mo ng gustong sumali dito. Ano ang dapat mong gawin?

A. Hindi ka na lang sasali.
B. Antayin mong lapitan at sabihan ka ng inyong guro.
C. Magtataas ka agad ng kamay at sasabihin na ikaw na lang.
D. Sasabihan mo ang katabi mo na sabihin niya sa inyong guro na ikaw ang piliin.

20. Inimbitahan ka ng iyong kaibigan sa kanyang kaarawan. Dahil sila ay maykaya, sa isang malaki at sikat na hotel idaraos ang kanyang kaarawan. Wala kang damit na isusuot na angkop sa okasyon. Ano ang dapat mong gawin?

A. Pag-iipunan ko ang pang-upa ng angkop na damit na isusuot.
B. Sasabihin ko sa aking magulang upang magawan nila ng paraan.
C. Hindi na lang dadalo; maiintindihan naman ako ng aking kaibigan.
D. Sasabihin ko sa aking kaibigan ang aking suliranin, baka matulungan niya ako.